

## Ano ang chlorine gas?

Ang chlorine gas ay nanggagaling sa chlorine, isang karaniwang kemikal na ginagamit sa mga pagawaan, laboratoryo, at sa ilang mga produktongambahay. Kung ang likidong chlorine ay nahalo sa hangin, ito ay magiging chlorine gas.

## Ano ang anyo ng chlorine gas?

- Ito ay dilaw-luntian at may malakas na amoy, kagaya ng pangkula, at
- Ito ay palaging malapit sa lupa at kumakalat nang mabilis.

## Paano ako mahahantad sa chlorine gas?

Ikaw ay mahahantad sa chlorine gas kung:

- Ihahalo mo ang pangkulangambahay sa ibang produktong panlinis,
- May aksidenteng pang-industriyal, o
- Nagpakawala ang mga terorista ng chlorine gas sa hangin.

## Ang chlorine gas ba ay mapanganib?

Oo. Ang chlorine gas ay isang lason. Kung malanghap mo ito, maaari kang mamatay.

## Ano ang mga sintomas?

Ang malaking kantidad ng chlorine gas ay maaaring maging sanhi ng:

- Pag-iinit ng iyong ilong, lalamunan, at mga mata
- Hapdi, pamumula, at paltos sa iyong balat
- Naluluhang mga mata, malabong paningin
- Ubo at paghihirap na huminga
- Alimbukay at pagsusuka


Sa mas maliit na kantidad ng chlorine gas, ang mga sintomas ay maaaring magpakita sa huli.

## Maaari ba akong mamatay sa paglanghap ng chlorine gas?

Ito ay depende kung gaano karaming gas ang iyong nalanghap. Kung ikaw ay makakaligtas, kailangan mong manatili sa ospital upang magamot.

## Ano ang dapat kong gawin kung ako ay nahantad sa chlorine gas?

- **Lumayo.**
- **Hubarin ang yong damit, sapatos at salamin o mga contact.** Huwag hubarin ang damit na pinadadaan sa ulo. Ito ay maaaring may chlorine. Sa halip ay gupitin ang mga ito.



- **Hugasan o banlawan ang iyong sarili.** Gumamit ng maraming sabon, kung mayroon.
- **Hugasan ang iyong mga mata** ng tubig mula 10 hanggang 15 minuto, kung ang mga ito ay nag-iinit. Maaari mong isuot ang iyong salamin muli kung hinugasan mo ang mga ito. Huwag nang gamitin ang mga contact muli.

- **Tumawag sa 911 upang makakuha kaagad ng tulong medikal!**



Pagkatapos gawin ang mga bagay na ito:

- **Ilagay ang iyong mga nakontaminang damit at mga contact sa isang bag na plastic at isara ito.** (Protektahan ang iyong mga kamay sa pamamagitan ng pagsuot ng gomang guwantes o bag na plastik.) Ilagay ang bag sa loob ng isa pang bag na plastik at isara ito.
- Sabihin sa pangkat ng emerhensiya kung saan mo iniwan ang bag.

## Para sa karagdagang impormasyon...

Tumawag sa (Centers for Disease Control) para sa impormasyon sa Tagalog:

800-CDC-INFO (800-232-4636)

888-232-6348 (TTY)

O bisitahin: [www.bt.cdc.gov/chemical](http://www.bt.cdc.gov/chemical)

[www.dhs.ca.gov/epo](http://www.dhs.ca.gov/epo)